# ATAS TAGAPAGPAGANAP BLG. 335

## NAG-AATAS SA LAHAT NG MGA KAGAWARAN/ KAWANIHAN/ OPISINA/ AHENSIYA/ INSTRUMENTALITI NG PAMAHALAAN NA MAGSAGAWA NG MGA HAKBANG NA KAILANGAN PARA SA LAYUNING MAGAMIT ANG FILIPINO SA OPISYAL NA MGA TRANSAKSIYON, KOMUNIKASYON, AT KORESPONDENSIYA

SAPAGKAT itinadhana ng Konstitusyon ng 1987 na "ang wikang pambansa ng Pilipinas ay Filipino," na "samantalang nalilinang, ito ay dapat payabungin at pagyamanin pa salig sa umiiral na wika ng Pilipinas at sa iba pang mga wika"; at ukol sa "mga layunin ng komunikasyon at pagtuturo, ang mga wikang opisyal ng Pilipinas ay Filipino at hangga't walang itinatadhana ang batas, Ingles"; at

SAPAGKAT sa pamamagitan ng puspusang paggamit ng wikang Filipino sa opisyal na mga transaksiyon, komunikasyon, at korespondensiya sa mga opisina ng pamahalaan ay lalong mauunawaan at mapapahalagahan ng sambayanang Filipino ang mga programa, proyekto at mga gawain ng pamahalaan sa buong bansa, at sa gayon ay magsisilbing instrumento ng pagkakaisa at kapayapaan para sa pambansang kaunlaran.

DAHIL DITO, AKO, SI CORAZON C. AQUINO, Pangulo ng Pilipinas, ay nag-aatas sa lahat ng mga kagawaran/ kawanihan/ opisina/ ahensiya/ instrumentaliti ng pamahalaan na magsasagawa ng sumusunod na hakbang:

1. Magsakatuparan ng mga hakbang para sa paggamit ng Filipino sa opisyal na komunikasyon, transaksiyon, at korespondensiya sa kani-kanilang opisina, maging nasyonal at lokal;
2. Magtalaga ng isa o higit pang tauhan, ayon sa pangangailangan, sa bawat tanggapan upang mangasiwa sa mga komunikasyon at korespondensiya na nasusulat sa Filipino;
3. Isalin sa Filipino ang mga pangalan ng opisina, gusali at edipisyong publiko, at mga karatula ng lahat ng opisina at mga dibisyon nito o instrumentaliti ng mga iyon at, kung nanaisin, ilagay sa ibaba nito sa maliliit na letra ang tekstong Ingles;
4. Isa-Filipino ang "Panunumpa sa Katungkulan" ng lahat ng mga pinuno at tauhan ng pamahalaan;
5. Gawing bahagi ng programa ang mga pagsasanay ukol sa pagpapaunlad pantauhan ng bawat opisina ang kasanayan sa paggamit ng Filipino sa mga komunikasyon at korespondensiya opisyal.

Upang maisakatuparan ang gayong mga layunin, inaatasan ang Linangan ng mga Wika sa Pilipinas (ngayon ay Komisyon sa Wikang Filipino) na bumuo at magsagawa ng programa at mga proyekto na sumasaklaw sa 1) kampanyang pang-impormasyon tungkol sa kahalagahan at kabuluhan ng wikang Filipino bilang epektibong instrumento ng pambansang pagkakaisa at pagpapaunlad; 2) Pagsasalin sa Filipino ng Atas Tagapagpaganap na ito, gayundin ng mga katawagang pampamahalaan upang maging sangguniang babasahin ng lahat ng opisina, 3) pagsasanay ng lahat ng mga pinuno at tauhan ng pamahalaan, 4) pagmomonitor ng implementasyon ng Atas na ito at pag-uulat sa pana-panahon ng progreso ng implementasyon sa Tanggapan ng Pangulo ng Pilipinas, sa pamamagitan ng Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports, at 5) pagsasagawa ng iba pang mga estratehiya para sa puspusang implementasyon ng mga layunin at Atas na ito.

Kaugnay nito, inaawtorisahan ang Linangan ng mga Wika sa Pilipinas (ngayon ay Komisyon sa Wikang Filipino) na sangguniin at hingan ng suporta ang lahat ng mga kagawaran/ kawanihan/ opisina/ ahensya/ instrumentaliti ng pamahalaan, nasyonal at lokal.

Pinawawalang-bisa ng Atas Tagapagpaganap na ito ang Atas Tagapagpaganap Blg. 187 na may petsang Agosto 6, 1969.

Inilagda sa Lungsod Maynila, ngayong ika-25 ng Agosto sa taon ng Ating Panginoon, labinsiyam na raan at walumpu't walo.

(Lgd)
**CORAZON C. AQUINO**
Pangulo ng Pilipinas